REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD

# KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 95-47

KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA LUMILIKHA NG POSISYONG "EXECUTIVE ASSISTANT VI" NA ITATALAGA SA TANGGAPAN NG PUNONGLUNGSOD NA MAY KATUNGKULAN AT SUWELDONG KATUMBAS NG ISANG PINUNO NG TANGGAPAN. (CITY GOVERNMENT DEPT. HEAD II)

*********************************************************

SAPAGKAT, bawat Pamahalaang Lokal ay kinakailangang gumamit ng kapangyarihang tuwirang ipinagkaloob, iyong ipinahihiwatig dito, gayun din iyong mga kinakailangan, angkop o kaugnay sa mabisa at mahusay na pamamahala, at iyong mahalaga sa pagtataguyod ng pangkalahatang pangkagalingan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Panglungsod, bilang tagapagbatas na lupon ng lungsod, ay may kapangyarihan na magsabatas ng mga ordinansa, magpatibay ng resolusyon at maglaan ng pondo para sa pangkalahatang kagalingan ng lungsod at mga naninirahan (Sec. 458 (a), Batas Republika Bilang 7160);

SAPAGKAT, ang Sangguniang Panglungsod ay mayroon ding kapangyarihan na magpatibay ng ordinansa at magpasa ng resolusyong kailangan para sa maayos at epektibong Pamahalaang Lungsod sa pagtiyak ng mga posisyon, sahod, suweldo, panustos at iba pang "emoluments" at benepisyo ng mga opisyal at kawani na binabayaran ng buo mula sa pondo ng lungsod at nagbibigay ng gastusing kinakailangan sa maayos na pagpapatupad ng mga programa, proyekto, serbisyo at mga gawain ng Pamahalaang Lungsod [Sec. 458, (a) (i) (viii)];

SAPAGKAT, sa pagbibigay ng higit na maayos at epektibong pagsasakatuparan ng mga programa, proyekto, serbisyo at mga gawain ng Pamahalaang Lungsod, ang Tanggapan ng Punonglungsod ay nangangailangan pa ng isang tao sa posisyong tutulong at magiging kaagapay ng kanyang tanggapan upang mapabilis ang pagtugon sa mga mamamayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa, sa pagsasa-alang-alang sa mga nabanggit na batayan ay isinasabatas ang mga sumusunod:

ARTIKULO I. - EXECUTIVE ASSISTANT VI

SEKSIYON 1. PAGLIKHA NG POSISYON; KUWALIPIKASYON; TUNGKULIN AT GAWAIN.

a. Ang posisyong "Executive Assistant VI" na isang "career official" na may katungkulan at suweldong katumbas ng isang Pinuno ng Tanggapan (City Government Dept. Head II) ay nililikha.

b. Ang tao na itatalaga sa posisyong ito ay kailangang mamamayan ng Pilipinas, naninirahan sa Lungsod ng Muntinlupa, may mabuting kaasalan, nagtataglay ng titulo ng dalubhasaan mula sa isang kilalang kolehiyo o unibersidad, at nagtataglay ng katangiang hinihingi ng Serbisyo Sibil.

k. Ang taning na panahon ng panunungkulan ng "Executive Assistant VI" ay "co-terminus" sa panunungkulan ng Punonglungsod.

d. Ang "Executive Assistant VI" ay itatalaga sa Tanggapan ng Punonglungsod upang gampanan ang mga sumusunod na gawain:

1. Pangasiwaan ang Tanggapan ng Punonglungsod.

2. Tumulong sa Punonglungsod sa pagsasakatuparan ng mga proyekto, programa at tuntunin ng Pamahalaang Lungsod.

3. Irekomenda sa Punonglungsod ang mga hakbangin na kinakailangan upang lalong mapagbuti ang kaunlarang Panglungsod.

4. Isagawa ang iba pang mga katungkulan na sa kaniya ay iaatang ng Punonglungsod.

SEKSIYON 2. PAGLALAAN NG PONDO. Ang pondo ng nasabing posisyon ay kukunin sa taunang badyet ng Tanggapan ng Punonglungsod.

SEKSIYON 3. PAGKAKABISA. Ang Kautusang Panglungsod na ito ay magkakabisa kaagad.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa sa kanilang ika-17th regular na pulong na ginanap ngayong ika-13 ng Nobyembre, 1995.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. RAFAEL R. ARCIAGA
Konsehal

KGG. VICTOR L.ULANDAY
Konsehal

KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. REYNALDO A.ABAS,JR.
Konsehal

KGG. JO JASON T. ALCARAZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

NECITO M. GUICO
Pansamantalang Kalihim
Sangguniang Panglungsod

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punonglungsod